

ANG MGA KARAPATAN AT MGA PANANAGUTAN NG MIYEMBRO

Ano ang iyong mga karapatan sa health care?

Mayroon kang karapatang malaman.

- Malaman ang iyong mga karapatan at mga pananagutan
- Malaman ang aming mga serbisyo, mga doktor, at mga espesyalista at masabihan kung ang iyong doktor ay hindi na kakontrata sa Care1st Health Plan.
- Malaman kung sinu-sino ang lahat ng aming ibang mga caregiver.
- Makita ang iyong mga medical record. Dapat mong sundin ang mga Estado at Pederal na batas na umaaplay.
- Makipag-usap nang tapat sa iyong doktor tungkol sa lahat ng mga opsyon sa pagbibigay-lunas sa iyong kondisyon, anuman ang gastos o benefit coverage.

Mayroon kang karapatang tratuhin nang mahusay.

- Laging tratuhin nang may galang.
- Panatilihin ng lahat ng nasa aming health plan ang iyong pagkapribado.
- Malaman na pinananatili naming pribado ang lahat ng iyong impormasyon.

Mayroon kang karapatang pamahalaan ang iyong health care.

- Piliin ang iyong doktor sa primary care (pangunahing pangangalaga).
- Tanggihan ang pangangalaga mula sa iyong doktor sa primary care o ibang mga caregiver.
- Makapili ng mga gagawin para sa iyong health care.
- Gumawa ng living will (tinatawag ding advance directive [paunang utos]).
- Magreklamo o mag-apela tungkol sa Care1st o sa pangangalagang ibinibigay nito, kabilang ang karapatang mag-file ng karaingan kung hindi mo natatanggap ang mga serbisyo sa wikang gusto mo.

Mayroon kang karapatang makakuha ng iba't-ibang mga serbisyo.

- Makakuha ng mga serbisyo sa pagpapalano ng pamilya.
- Makakuha ng mga serbisyo sa preventative health care (pangangalaga upang maiwasan ang magkasakit)
- Makakuha ng mga serbisyo sa minor consent
- Magpagamot ng mga sexually transmitted diseases (mga STD) [mga sakit na makukuha sa pakikipagtalik].
- Makakuha ng emerhensiyang pangangalaga sa labas ng aming network.
- Makakuha ng health care mula sa isang Federally Qualified Health Center (FQHC).
- Makakuha ng health care sa isang Indian Health Center.
- Makakuha ng pangalawang opinyon.
- Makakuha ng mga serbisyo ng tagasalin nang walang bayad. Kabilang dito ang mga serbisyo para sa mga may kapansanan sa pandinig.

- Makakuha ng mga pang-impormasyon na materyales sa iba't-ibang mga wika o mga alternatibong format at large size print, kapag hiniling.

Mayroon kang karapatang magmungkahi ng mga pagbabago sa aming health plan.

- Sabihin sa amin kung ano ang hindi mo gusto tungkol sa aming health plan.
- Sabihin sa amin kung ano ang hindi mo gusto tungkol sa health care na nakukuha mo.
- Magtanong tungkol sa aming mga desisyon tungkol sa iyong health care.
- Sabihin sa amin kung ano ang hindi mo gusto tungkol sa aming polisa sa karapatan at mga pananagutan.
- Humingi sa Department of Social Services ng isang Fair Hearing (Makatarungang Pagdinig).
- Humingi sa Department of Managed Health Care ng isang Independent Medical Review.
- Piliing umalis sa aming health plan.

Ano ang iyong mga karapatan bilang isang miyembro ng health care?

Inaasahan naming makikipagtulungan ka sa iyong mga doktor bilang mga partner sa iyong health care.

- Makipag-appointment sa iyong doktor sa loob ng 120 araw ng pagiging bagong miyembro para sa pangunahing pagtatasa ng kalusugan.
- Sabihin sa iyong mga doktor kung ano ang mga dapat nilang malaman upang magamot ka.
- Alamin ang lahat ng maaari mong malaman tungkol sa iyong kalusugan.
- Sundin ang mga plano sa paggamot na pinagkasunduan mo at ng iyong mga doktor.
- Sundin ang sasabihin sa iyo ng doktor upang pangalagaan nang mabuti ang iyong sarili.
- Gawin ang mga bagay upang maiwasan ang magkasakit.
- Dalhin ang iyong ID card kapag nagpupunta ka sa iyong doktor.
- Tratuhan ang iyong mga doktor at ibang mga caregiver nang may galang.
- Gamitin ang emergency room para lamang sa mga emerhensiya. Ibibigay sa iyo ng iyong doktor ang karamihan ng medikal na pangangailaga na kinakailangan mo.
- Isumbong ang pandaraya sa health care.

Nais naming maunawaan mo ang iyong health plan.

- Alamin at sundin ang mga tagubilin ng iyong health plan.
- Alamin na pinapatnubayan ng mga batas ang aming health plan at ang mga serbisyong nakukuha mo.
- Alamin na hindi ka namin maaaring tratuhin nang naiiba dahil sa edad, kasarian, lahi, bansang pinanggalingan, kultura, mga pangangailangan sa wika, sekswal na oryentasyon, at/o kalusugan.